# Magmahal, Magbahagi, Mag-anyaya

## Magmahal

Juan 13:34–35; Mosias 18:20–22; Doktrina at mga Tipan 12:7–9; 121:41–42

Itinuro ni Elder Gary E. Stevenson ng Korum ng Labindalawang Apostol:



Tuwing nagpapakita tayo ng pagmamahal na tulad ni Cristo sa ating kapwa, ipinapangaral natin ang ebanghelyo—kahit hindi tayo nagsasalita.

Pagmamahal sa iba ang malinaw na pagpapahayag ng ikawalang dakilang utos na ibigin ang ating kapwa; ipinapakita nito ang nagpapadalisay na proseso ng Banal na Espiritu na pumupukaw sa ating sariling kaluluwa. Sa pagpapamalas ng pagmamahal ni Cristo sa iba, mahihikayat natin ang mga nakakakita sa ating mabubuting gawa na "luwalhatiin [ang ating] Ama na nasa langit" [Mateo 5:16]. (Gary E. Stevenson, "Magmahal, Magbahagi, Mag-anyaya," *Liahona*, Mayo 2022, 85)

## Magbahagi

2 Nephi 2:6–8; Mosias 28:1–3; Alma 31:5; Doktrina at mga Tipan 60:2

Itinuro ni Elder Dieter F. Uchtdorf ng Korum ng Labindalawang Apostol:



Kung may nagtatanong tungkol sa katapusan ng inyong linggo, huwag mag-atubiling banggitin ang naranasan ninyo sa simbahan. Banggitin ang maliliit na batang tumayo sa harapan ng kongregasyon at buong siglang umawit kung paano nila sinisikap na maging tulad ni Jesus. Banggitin ang tungkol sa grupo ng kabataan na gumugol ng oras sa pagtulong sa matatanda sa mga bahay-kalinga upang bumuo ng personal na mga kasaysayan. . . .

Sa anumang paraan na tila likas at karaniwan sa inyo, ibahagi sa mga tao kung bakit mahalaga sa inyo si Jesucristo at ang Kanyang Simbahan. (Dieter F. Uchtdorf, "Gawaing Misyonero: Pagbabahagi ng Nasa Puso Mo," *Liahona*, Mayo 2019, 17)

## Mag-anyaya

Juan 1:35–46; 4:28–30, 39–41; Alma 5:62; Moroni 10:3–5

Itinuro ni Elder Gary E. Stevenson ng Korum ng Labindalawang Apostol:



Daan-daang paanyaya ang maipararating natin sa iba. Maaari nating anyayahan ang iba na "pumarito at tingnan" ang isang sacrament service, isang aktibidad ng ward, isang online video na nagpapaliwanag sa ebanghelyo ni Jesucristo. Ang "pumarito at tingnan" ay maaaring maging isang paanyayang basahin ang Aklat ni Mormon o bisitahin ang isang bagong templo sa open house nito bago ito ilaan. Kung minsa'y inaanyayahan natin ang ating sarili—isang paanyaya sa ating sarili, na nagbibigay sa atin ng kamalayan at pananaw sa mga oportunidad na nakapaligid sa atin na magagawa natin. (Gary E. Stevenson, "Magmahal, Magbahagi, Mag-anyaya," *Liahona*, Mayo 2022, 86)

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_602-1